MARTIN FINGER SHIELD™ GARAGE DOOR SYSTEM

MANUWAL NG PAGGAMIT

(MGA PINTO NA GAWA SA BAKAL/COPPER AT KAHOY)

MARTIN GARAGE DOORS SINCE 1936™

A8949 ISO 9001

MARTIN DOOR MFG.

BABALA ⚠ MAG-INGAT

ITO ANG PINAKA-MAHUSAY AT PINAKA-LIGTAS NA PINTO SA MUNDO. NGUNIT ANG WALANG TRAINING O ANG HINDI MAINGAT NA PAGKABIT, PAG-ADJUST AT PAGSERBISYO AY MAAARING MAGING DELIKADO. ANG SPRINGS AT MGA KAUGNAY NA PARTE AY MAAARING MAGING SANHI NG MALUBHANG PINSALA O KAMATAYAN!
KAPAG HINDI SIGURADO, TUMAWAG NG ISANG TRAINED MARTIN DOOR DEALER

MAINTENANCE

- **Langisan** ang lahat ng mga hinge (bisagra), roller shaft (baras ng rodilyo), at spring coil (likaw ng kuwerdas), gamit ang isang mahusay na kalidad na 10/40 motor oil (langis na pang-makina). Langisan bawat taon para mahusay ang pag-andar. Huwag pabayaang umingay o lumangitngit ang mga parte!
- Lagyan ng **wax** bawat taon ang nangungunang gilid ng Finger Shields (Mga Pananggol sa Daliri) ng metal na pinto o ang loob ng mga section joint ng kahoy na pinto. Lagyan din ng wax ang mga Reverse Angle Shield o jamb (hamba) (kung saan nagsasara nang mabuti ang pinto).
- **Kung kinakailangan**, gumamit ng tela na may kaunting langis upang punasan ang mga parte na galbanisado upang makatulong panatilihin ang malinis na galbanisadong itsura. Sa mga lugar na basa-basa, ang mga kagamitan na galbanisado ay maaaring kailangang pinturahan upang makatulong iwasan ang kalawang.
- **Ang touch-up na pintura** ay hindi nirerekomenda sa mga bakal na pinto. Basahin ang "Painting Theory (Teoriya ng Pagpintura)" sa likod na pahina.
- **Kung kinakailangan**, hugasan ang mga seksyon ng bakal na pinto upang tanggalin ang dumi, natitirang asin, atbp. Ang mga panlinis at wax na ginagamit sa kotse ay maaaring magpabuti ng itsura at magpahaba ng buhay ng lumang pintura o ng isang napabayaang bakal na pinto. Ang madalas na pag-wax o pagpintura ay maaaring kailanganin sa mga sobrang basa-basa, maasín o nakakaagnas na lugar. Para sa mga kahoy na pinto, tingnan ang "WOOD DOOR NOTES" ("MGA PUNA TUNGKOL SA KAHOY NA PINTO") na pahina.
- **Linisin** ang mga acrylic na bintana gamit ang isang malambot at basa na tela. Alisan ng mga gasgas ang acrylic na bintana gamit ang isang mahusay na panlinis sa plastik na bintana.

MGA PAMBUKAS NG PINTUAN (Nirerekomenda namin ang mga Martin Door Openers)

- **Laging** siguruhing nakikita ang buong pinto ng garahe habang ginagamit ang de-koryenteng pambukas. Itsek **buwan-buwan** ang automatic reverse function, habang sinusunod ang mga tagubilin ng tagagawa ng de-koryenteng pambukas.
- Ang **Martin** Doors ay dinisenyo upang bawasan ang panganib na maipit at mapinsala ang mga bata at mga taong may sapat na gulang.
- Ang Roller Shields, Finger Shields, Low Profile Hinges, Reverse Angle Shields, Inside Lift Cables, Rolled Steel Edges, atbp., ay lahat dinisenyo para sa karagdagang kaligtasan ng bata.
- **Tanggalin** ang lahat ng mga pull down na lubid at i-disable ang anumang pansarang mekanismo ng pinto ng garahe.
- **Ang seksyon ng ibabaw ng pinto** ay dapat mayroong isang full length strut para sa mga pambukas na center mounted (nakakabit sa gitna). Ang mga pambukas na side mounted (nakakabit sa tagiliran) ay maaaring hindi nangangailangan ng isang strut sa mga single size na pintuan na mababa sa 12'3" (3734) ang lapad.

MGA NAKAKALASONG SINGAW O USOK

HUWAG i-weather seal nang husto ang pinto na ito! I-vent (pasingawin) ito ayon sa mga lokal na building code.
BABALA! Ang mga mababang antas ng carbon monoxide sa garahe at sa tahanan ay maaaring maging sanhi ng mga sakit ng ulo at mga sintomas na parang trangkaso. Ang karagdagang vent (pagsingaw) ay maaaring kailanganin upang makatulong bawasan ang mga panganib sa kalusugan na may kinalaman sa combustible fuels (mga madaling masunog) at mga nakakalasong singaw o usok.

INSULASYÓN

Ang insulasyón na ginagamit sa Martin Doors ay tumutupad sa lahat ng mga kilalang building code. Sinuri at inaprubahan ito ng Omega Point Laboratories at tumutupad ito sa UBC-26-8 na batayan sa pagkalat ng usok at apoy. Ang insulasyón ay natatanggal at maaaring gamitin uli at ito ay nakakatulong sa kapaligiran sa pamamagitan ng pagbawas ng basura sa landfill!

PAGSASAAYOS NG YUPI (Mga Bakal na Pinto)

Ang mga **Martin** na regular at insuladong seksyon ng pinto ay kabilang sa mga pinaka-hindi nayuyupi sa mundo. Ang mga ito ay hindi nangangailangang may nakadikit sa kanila na insulasyón upang maging matibay. Dahil sa di-karaniwang pagkakagawa nito, maaaring hindi kailangang palitan ang isang seksyon ng pinto o ang isang buong pinto upang iwasan ang pinatagal na itsura ng isang napinsalang labás. Para sa pagsasaayos ng yupi, tingnan ang pahina 18.

WARRANTY

Ang Martin Warranty ay para sa orihinal na may-ari. Lifetime ltd. para sa karamihan ng mga pangtahanan na pinto (12 taon ltd. sa Montana). Anim na Taon ltd. sa mga pangkalakal, pang-upa na pinto, at 5 taon sa mga kahoy na pinto. Ang mga gastos sa pagpapadala ng mga piyesa at pagsasaayos ay hindi kasali. Ang springs ay mayroong limitasyon sa kung gaano ito magtatagal. Mangyaring tandaan: ang lahat ng Martin Doors (maliban sa springs) ay dinisenyo upang magtagal nang habang-buhay kapag wasto ang pangangalaga at pagpapanatili dito. Kontakin ang iyong Martin Dealer para sa mga detalye ng kumpletong nakasulat na warranty at mga limitasyon.

Martin Door Manufacturing Salt Lake City, Utah 84127-0437 U.S.A www.martindoor.com Nilimbag sa Estados Unidos. 20m Copyright © 2004 **7/2004** AD-01IM-07

MARTIN FINGER SHIELD™ GARAGE DOOR SYSTEM*

•SAFETY SECTION ASSEMBLY •SAFETY TRACK ASSEMBLY •SAFETY SPRING ASSEMBLY

***TUMUTULONG IWASAN ANG MGA PINSALA NA DULOT NG PINTO NG GARAHE SA MGA BATA AT MGA TAONG MAY SAPAT NA GULANG**



COPYRIGHT © 2004 MARTIN DOOR